
# PAGDEBELOP NG GOLDEN RICE

Natuklasan ng mga dalubhasa na sina Ingo Potrykus at Peter Beyer ang *Golden Rice* gamit ang hene ng *daffodil* at isang pangkaraniwang mikrobyo.

Gamit pa rin ang nasabing mikrobyo at ngayon naman ay hene ng mais, nabuo ang ikalawang bersyon ng *Golden Rice* na 20 beses ang dami ng *beta carotene* kumpara sa unang bersyon.

Dumaan sa karagdagang pag-aaral ang ikalawang bersyon ng *Golden Rice* na napiling paramihin. Kalaunan ay dinala ito sa Pilipinas at sa iba pang bansa sa Asya upang isalin ang katangian nito sa mga popular na barayti ng palay na karaniwang itinatanim ng mga magsasaka.

Sa Pilipinas, ang *Golden Rice* ay isinailalim sa masusing pag-aaral kabilang na ang pagtatanim nito sa *screenhouse*. Ito rin ay itinanim sa iba't-ibang mga lokasyon upang malaman ang mga katangian nito at kung paano ito tumubo sa mga taniman na may magkakaibang uri ng klima. Ito at ang iba pang mga pag-aaral ay kailangan sa paglikom ng mga datos na gagamitin sa pagtitiyak na ligtas ang *Golden Rice*.




Bago maitanim o makain ng mga tao ang *Golden Rice*, kailangan muna itong mabigyan ng kaukulang permiso mula sa pamahalaan. Kapag aprubado na, isusunod naman ang mga pag-aaral ukol sa kakayahan ng *Golden Rice* na matugunan ang kakulangan sa bitamina A. Pag-aaralan din kung paano ito maipapaabot sa mga lugar kung saan ito higit na kailangan. Isasailalim din ito sa iba pang mga pagsusuri upang matiyak na masarap itong kainin at katanggap-tanggap sa publiko.



# GOLDEN RICE

Department of Agriculture
Philippine Rice Research Institute
Maligaya, Science City of Muñoz, 3119 Nueva Ecija
Tel.: (044) 456-0285 loc. 270, 501
Telefax: (044) 456-0285 loc. 271, 500
Website: www.philrice.gov.ph (click Golden Rice at the gallery)
Email: prri.mail@philrice.gov.ph

as of Aug 2015



# *GOLDEN RICE* AT KAKULANGAN SA BITAMINA A

- **Ang kakulangan sa bitamina A ay isang malala at malawakang problemang pangkalusugan.**
  - 1.7M mga bata (6 buwan-5 taong gulang) at 500,000 buntis at nagpapasusong ina ang apektado nito sa Pilipinas.
- **Isang karagdagang tugon na pinag-aaralan ngayon ay ang *Golden Rice*.**
- **Taglay ng *Golden Rice* ang *beta carotene* na nagiging bitamina A ayon sa pangangailangan ng ating katawan.**

# PAGTITIYAK NA LIGTAS AT EPEKTIBO ANG *GOLDEN RICE*




- **Upang matiyak na ligtas, masusing pinag-aaralan ang *Golden Rice* alinsunod sa mga batas at pandaigdigang alituntunin.**
- **Pag-aaralan din ang bisa ng *Golden Rice* na magdagdag ng bitamina A sa ating katawan.**
- **Ilalabas lamang ang *Golden Rice* sa publiko kung papayagan ng pamahalaan at matitiyak na ito ay ligtas at epektibo.**



# PAGPAPAABOT NG *GOLDEN RICE* SA PUBLIKO

- **Pinag-aaralan kung paano matitiyak na makaaabot ang *Golden Rice* sa mga lugar kung saan ito higit na kailangan.**
- **Sisikapin na ang *Golden Rice* ay magugustuhan ng mga magsasaka.**
  - Inaasahan na may mataas na ani at tibay sa sakit at peste, at maaring itanim at paramihin ang *Golden Rice* tulad ng karaniwang palay.
- **Sisiguraduhin din na ang *Golden Rice* ay katangap-tanggap sa mga mamimili.**
  - Inaasahan na ang *Golden Rice* ay kasing-halaga ng ordinaryong bigas.